
2

# Mathematics

## Ikaapat na Markahan –Modyul 8: Solving Problems Involving Figure Using Square Tiles



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mathematics – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan-Modyul 8: Solving Problems Involving Figure Using Square Tiles**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name, tatak o trademark,* palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Rey R. Nicolas |
| **Editor:** | Marites G. Ancheta |
| **Tagasuri:** | Emelita DT. Angara |
| **Tagaguhit:** | Analyn C. Fabrigas |
| **Tagalapat:** | Analyn C. Fabrigas |
| **Tagapamahala:** | |
| | Nicolas T. Capulong PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas EdD |
| | Nestor P. Nuesca EdD |
| | Erleo T. Villaros PhD |
| | Estrella D. Neri |
| | Milagros F. Bautista PhD |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III**
Office Address: Matalino St. Diosdado Macapagal Goernment Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (0450 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Mathematics

## Ikaapat Markahan – Modyul 8: Solving Problems Involving Figure Using Square Tiles

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Matematika 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Solving Problems Involving Figure Using Square Tiles.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Matematika 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Solving Problems Involving Figure Using Square Tiles.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng mga gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

*Sanggunian* — Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga gawain na susukat at lilinang sa iyong kaalaman tungkol sa pagsagot ng mga suliranin na may kinalaman sa pagbibigay ng kabuuang sukat ng isang bagay o lugar gamit ang **square tiles.**

Malalaman mo sa modyul na ito kung paano ang pagsagot sa mga suliranin (**routine** at **non- routine problems**) na may kinalaman sa pagsukat sa kabuuang bilang ng square tiles na bumubuo sa isang bagay o lugar.

Pagkatapos mong sagutan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:


- solves routine and non-routine problems involving any figure using square tiles. **(M2ME-IVh-38)**



# *Subukin*


Naranasan mo na bang magsukat ng isang lugar o bagay gamit ang isang square tile? Halina at iyong subukin sa pamamagitan ng pagsagot sa mga suliranin sa ibaba.

1. Ang kambal na sina Ana at Ena ay binigyan ng laruang **Building Blocks**. Ang sukat ng bawat block ay □. Ilang square tiles ang building blocks ni Ana?



Ana Ena

2. Narito ang sukat ng bintana ni Ginoong Reyes. Kung dodoblehin ang laki ng kanyang bintana, ilang square tiles lahat ito?



3. Si Mang Jose ay may gulayan sa kanyang bakuran. Ang kanyang gulayan ay may lapad na 5 square tiles at habang 6 square tiles. Ilang square tiles lahat ang kabuuang sukat ng kanyang gulayan?

A. Ano ang itinatanong sa suliranin?
B. Ano ang mga ibinigay na impormasyon?
C. Paano mo lulutasin ang suliranin?
D. Ibigay ang pamilang na pangungusap.
E. Isulat ang iyong kasagutan.


# Aralin 1 — Solving Problems Involving Figure Using Square Tiles

Nahirapan ka ba sa panimulang pagtataya? Kaya mo na bang sagutin ang mga suliranin gamit ang square tiles? Sa modyul na ito malalaman mo kung paano sagutin ang mga suliranin gamit ang square tiles.


## *Balikan*


Panuto: Sagutan ang mga sumusunod na mga suliranin gamit ang square tile units. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1. Ang isang kuwarto sa bahay nina Dalia ay malalagyan ng 25 square tiles. Kung may nailagay ng 15 square tiles, ilang square tiles pa ang dapat na ilagay?



2. Ang bahay nina Angie ay ginamitan ng mga square tiles. May 10 square tiles na nakalagay sa CR, 30 square tiles din ang nakalagay sa kusina at 8 square tiles naman ang nagamit sa lababo. Ilang square tiles lahat ang nagamit sa kanilang bahay?



3. Si Ana ay gumawa ng plano para sa kusina ng kanilang bahay. Gumamit siya ng graphing paper sa paggawa nito. Ang isang  ay may katumbas na isang sentimetro.



CR kusina lababo

Ilang square tiles ang magagamit ni Ana sa kusina ng kanilang bahay?

4-5. Kung ang silid ni Lina ay may habang 5 square tiles at lawak na 4 square tiles. Ilang square tiles lahat ang bumubuo dito?

4. Ano ang mga impormasyong ibinigay sa suliranin sa kahon sa itaas?
5. Paano mo ito sasagutin? Ano ang pamamaraan na iyong gagamitin?


*Mga Tala para sa Guro*

Alalahaning gabayan ang mga bata sa tamang pagbilang ng square tiles sa paraang sila'y lubos na madadalian.

## *Tuklasin*

### Ang Problema ni Lora

Sa susunod na Sabado ay kaarawan na ni Lola Clara at nais siyang sorpresahin ni Lora sa pamamagitan ng paggawa ng isang kobre kama. Habang nasa simbahan ang kanyang lola ay pumunta siya sa tirahan nito upang malaman ang sukat ng kaniyang kama.




Tingnan ang larawan ng kama ni Lola Clara sa gawing itaas. Gamit ang □ maaari mo ba akong tulungan upang malaman ang sukat ng kama ni lola?

Mga Tanong:

1. Ano ang itinatanong sa suliranin?
2. Ano ang mahahalagang impormasyon na ibinigay?
3. Paano mo lulutasin ang suliranin?
4. Ibigay ang pamilang na pangungusap sa suliranin.
5. Gamit ang □, ilang **square tiles** ang magagamit sa kama ni Lola?

## *Suriin*

Nais ni Dora na ipakita ang bawat bahagi ng kanilang bahay. Halina at samahan siyang libutin at alamin ang sukat ng bawat bahagi ng kanilang tirahan.



1. Anong bahagi ng bahay ang pinakamalaki? Ilang square tiles ang sukat nito?
2. Anong bahagi naman ng bahay ang pinakamaliit? Ilang square tiles naman ang bumubuo dito?
3. Tingnan mo naman ang garahe. Ilang square tiles ito?
4. Ilang square tiles ang laki ng sala sa kusina ng bahay?
5. Dalawa ang kuwarto sa bahay ni Dora. Aling kuwarto ang mas malaki? Ilang square tiles ang lamang nito sa isang kuwarto?

Ano ang iyong ginawa upang masagot mo ang mga katanungan?

Sa paglutas ng suliranin na may kinalaman sa pagkuha ng kabuuang sukat ng isang bagay gamit ang square tiles, sagutin ang mga tanong sa susunod na pahina.

1. Ano ang itinatanong sa suliranin?
2. Ano ang ibinibigay na impormasyon?
3. Ano ang word clue o pamamaraan na gagamitin?
4. Paano natin ipakikita ang pamilang na pangungusap ng suliranin?
5. Ano ang sagot sa pamilang na pangungusap?

Sa pagsagot sa mga non-routine problem, laging isaisip ang **My Dear Aunt Sally o MDAS** na tumutukoy sa apat na pangunahing operasyon sa Matematika, ang **Multiplication**, **Division**, **Addition** at **Subtraction**.

## Pagyamanin

Tingnan natin ngayon kung naunawaan mo ang tinalakay sa itaas. Subukin mong sagutin ang sumusunod na gawain.

**A.** Panuto: Basahin ang kwento upang masagot ang mga tanong sa susunod na pahina.


### Ang Pamana ni Lolo Pedro

Matanda na at mahinang-mahina na si Lolo Pedro kaya naisipan niyang ipatawag ang kanyang apat na anak upang ipamana na sa kanila ang kanyang lupain. "Mga anak, magsilapit kayo sa akin at ipakikita ko ang mapa ng aking lupain na ipamamana sa inyo. Hinati-hati ko na ito sa inyong magkakapatid," wika ni Lolo Pedro.

"Ama, gaano po kalaki ang aking mamanahin?" tanong ni Jose na panganay sa apat. "Ako rin po, Ama. Ano po ang sukat ng aking mamanahin?" tanong ni Roy, ang pinakabata sa lahat.

Tulungan natin ang magkakapatid na alamin kung ano ang sukat ng kanilang minanang lupa sa tulong ng square tiles □.

Narito ang sukat ng mga mamanahin ng apat na magkakapatid.




**Jose** **Ana** **Rosa** **Roy**

Mga tanong:

1. Ano ang nais malaman sa suliranin?
2. Ano-anong mahahalagang impormasyon ang ibinigay?
3. Paano mo sasagutin ang mga sumusunod na katanungan?
   A. Ilang square tiles ang sukat ng lupaing minana ng panganay na anak ni Don Pedro? pinakabatang anak?
   B. Aling anak ang may pinakamaliit na parte ng lupa? Ilang square tiles ito?
   C. Ilang square tiles ang pamana ni Don Pedro sa ikalawang anak?
   D. Ilang square tiles ang laki ng minana ng ikalawang anak sa panganay?

**B.** Panuto: Basahin ang suliranin na nasa ibaba at isulat ang sagot sa mga tanong sa sagutang papel.




Si Ela ay nakilahok sa "Gulayan sa Bakuran **Contest**." Gumawa siya ng taniman ng gulay sa kanilang likod- bahay na may sukat na 2 square tiles ang lawak at 5 square tiles ang haba.

Mga Tanong:


1. Ano ang itinatanong sa suliranin?
2. Ano ang impormasyong ibinigay?
3. Ilang square tiles lahat ang gulayan ni Ela?
4. Kung dodoblehin ang lawak at haba ng gulayan, ilang square tiles ang magiging sukat nito?
5. Mabuti ba sa isang bata ang magtanim ng gulay sa bakuran? Bakit?

C. Panuto: Basahing mabuti ang mga sumusunod na suliranin. Sagutin ang mga katanungan pagkatapos nito.


1. Kailangang lagyan ni Nanay Perla ng wallpaper ang kanilang dingding. Ilang square tiles ang kanyang magagamit kung ang dingding ay may lawak na 4 square tiles at habang 7 square tiles?



2. Pumunta si Nanay Nena sa palengke upang bumili ng tuwalya para iregalo sa kanyang inaanak. Kung ang haba ng tuwalya ay 9 square tiles at ang lapad nito ay 7 square tiles, ilang square tiles lahat ang tuwalya?



3. Ang harapan ng bahay nina Lance ay binubuo ng 60 square tiles. Ang pinto ng kanilang bahay ay 8 square tiles at ang bintana naman ay 4 square tiles.
   A. Kung aalisin ang sukat ng pinto sa kabuuang sukat ng harapan ng kanilang bahay, ilang square tiles ang matitira?
   B. Kapag pinagsama ang sukat ng pinto at bintana, ilang square tiles ang bumubuo rito?
   C. Ilang square tiles ang matitira sa harapan ng kanilang bahay kung aalisin ang sukat ng bintana at pinto?



**D.** Panuto: Basahin ang sumusunod na suliranin. Isulat ang sagot sa mga katanungan pagkatapos nito sa sagutang papel.

Bumili si Tatay Mario ng 560 square tiles na gagamitin sa gagawing **swimming pool** para sa pang matanda at pambata. Tatlong daang square tiles ang kanyang nagamit sa pang matandang swimming pool at 220 square tiles ang nagamit sa pambatang swimming pool. Samantala, 27 square tiles ang nabasag habang ginagawa ang dalawang swimming pool.

Mga Tanong:
1. Ilang square tiles lahat ang nagamit sa dalawang swimming pool?
2. Aling swimming pool ang mas maraming nagamit na square tiles? Ilan ang lamang nito?
3. Ilang square tiles ang natira mula sa kanyang binili?
4. Kung may 15 square tiles ang nabasag sa pang matandang swimming pool, ilang square tiles naman ang nabasag sa pambatang swimming pool?



## *Isaisip*

Ang kabuuang sukat ng isang bagay o lugar ay malalaman natin sa pamamagitan ng pagbilang nito gamit ang square tile.

Ang bawat □ ay tinatawag na ________. Malalaman natin ang kabuuang sukat ng isang figure kung ________ natin ang mga ito gamit ang square tiles.



## *Isagawa*

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na suliranin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Si Rachel ay naatasang maglinis ng 3 silid sa bahay ng kanyang Tita Ana. Narito ang sukat ng bawat silid na kanyang lilinisan.

20 square tiles- unang silid
32 square tiles- ikalawang silid
38 square tiles- ikatlong silid

Mga Tanong:


1. Ilang square tiles ang nalinis ni Rachel kung nalinis na niya ang una at ikalawang silid.
2. Ilang square tiles ang kailangan niyang linisin sa ikalawa at ikatlong silid?
3. Kung nalinisan na ni Rachel ang una at ikalawang silid, ilang square tiles pa ang kailangan niyang linisin kung nalinis na niya ang 18 square tiles sa ikatlong silid?
4. Kung pagsasama-samahin ang sukat ng tatlong silid, ilang square tiles ang kaniyang lilinisin?

## *Tayahin*


Panuto: Basahin ang mga suliranin. Sagutin ang mga katanungan pagkatapos ng bawat suliranin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Si Lalay ay gagawa ng kubo. Bumili siya ng 250 pirasong square blocks para mabuo ang kubo. Ilang square blocks pa ang kailangan niyang bilhin kung ang kubo ay gagamit ng 900 square blocks?
2. Ang kulungan ng manok ay may apat na mukha. Kung ang bawat mukha ng kulungan ay may 20 square tile, ilang square tile lahat mayroon ang kulungan ng manok?


3. Ilang square tiles kaya ang bumubuo sa bakuran nina Rico kung ito ay may haba na 8 square tile at lawak na 7 square tile?



4. Ang bawat silid- aralan sa paaralan nina Bryan ay may 12 square tiles. Kung may 6 na silid-aralan sa kanilang paaralan, ilang square tiles lahat ang bumubuo dito?




5. Si Ginang Yambot ay nagpagawa ng pisara na may sukat na 15 square tile. Kung 2 pisara ang kanyang ipinagawa, ilang square tile lahat ang bumubuo sa mga ito?



## Karagdagang Gawain

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na suliranin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

May isang computer at isang telebisyon si Rey. Gusto niyang malaman kung alin sa dalawa ang mas malaki ang sukat. Tulungan natin siyang bilangin ang mga ito □ gamit ang square tile.



1. Ano ang itinatanong sa suliranin?
2. Ano ang kanyang gagawin upang masagot ito?
3. Ilang square tiles ang kabuuang sukat ng telebisyon?
4. Ilang square tiles naman ang kabuuang sukat ng computer?
5. Alin ang mas malaki sa dalawa- telebisyon o computer? Ilang square tiles ang laki nito?

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. 29 square tiles
2. 24 square tiles
3. Kabuuang bilang ng square tiles sa gulayan 5 at 6 sq tiles
   Pagpaparami
   6 X 5=N
   30 sq tiles

**Balikan**

1. 10 sq. tiles
2. 48 sq. tiles

**Suriin**

1. sala, 67 sq. tiles
2. terasa 12 sq. tiles
3. 11 sq. tiles
4. 25 square

**Tuklasin**

1. 8 square tiles
2. Oo, dahil ito ay tanda ng pagma-mahal.

**Pagyamanin**

A.
1. 16 sq. tiles sa panganay, 25 sq. tiles sa bunso
2. Pangatlong anak 15 sq. tiles
3. 4 sq. tiles

B.
1. 10 sq. tiles
2. 20 sq. tiles
3. Oo sapagkat ang pagtatanim ng gulay ay gawaing pagkakakitaan

C.
1. 28 square tiles
2. 63 square tiles
3. a. 52 square tiles
   b. 12 square tiles
   c. 48 square tiles

D.
1. 520 sq. tiles
2. Pangmatandang pool, 80 sq tiles
3. 13 square tiles
4. 12 square tiles

**Isaisip**

Square tiles, binilang

**Isagawa**

1. 52 square tiles
2. 70 square tiles
3. 20 square tiles
4. 90 square tiles

**Tayahin**

1. 650 square tiles
2. 80 square tiles
3. 56 square tiles
4. 72 square tiles
5. 30 square tiles

**Karagdagang Gawain**

1. 24 square tiles
2. 12 square tiles
3. Telebisyon-12 square tiles

# *Sanggunian*

Alvarez, Catherine E., Ellenbelle S. Bibi, Loreta I. Cepriaso, Simon L. Chua at Roberto J. Degolacion. 2017. *Phoenix math of the 21st Century Learners Grade 2*. Second Edition. Phoenix Publishing House, Inc.

Catud, Herminio Jose C., Shierley F. Ferera, Danilo Padilla, at Rogelio Candido. 2013. *Mathematics 2 Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

Catud, Herminio Jose C., Shierley F. Ferera, Danilo Padilla, at Rogelio Candido. 2013. *Mathematics 2 Teacher's Guide Tagalog*. Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

*Gabay Pangkurikulum ng Matematika sa Baitang 2*. 2016. Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

Hibanez, Ma. Janine G. and Ma. Teresa A. Ibay. 2015 *Understanding Mathematics Grade 2 Textbook*. Philippines: Vicarish Publication and Trading Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph